
## Banghay-Aralin sa Filipino V

**May-Akda: Neome G. Guinto**
**Designation: Master Teacher II**
**Paaralan: CENTEX Manila**




**I. Layunin**

1. Nakakapagbigay ng mga ideya at katanungan tungkol sa pinag-aaralang paksa
2. Nakakapagbigay ng mahahalagang detalye tungkol sa kuwento
3. Naipapaliwanag at nasusuportahan ang sariling opinyon o pananaw.


**II. Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Ngumiti si Andoy"
2. ***May-akda:*** Xi Zuq
3. ***May-guhit:*** Dominic Agsaway
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagkabayani

**III. Pamamaraan**

**1. Pagganyak**

Ipakita ang larawan ng bayaning si Andres Bonifacio. Tanungin ang mga bata kung ano ang nalalaman nila tungkol sa kanya. Isulat ang mga kasagutan nila sa isang concept web.



Itago ang concept web dahil ito ay muling babalikan at dadagdagan sa pagtatapos ng pagbabasa ng kuwento.

**2. Paghawan ng Balakid**

"Ang ating kuwento ngayong araw na ito ay tungkol kay Andres Bonifacio. Bago tayo magbasa, ating talakayin ang ilang mga salita sa kuwento."

Sabihan ang mga mag-aaral na bumuo ng mga pangkat na may tig-apat na miyembro. Bigyan ang bawat pangkat ng isang salita na may kalakip na larawan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ngiti | himagsikan | bayani | postcard | matikas |

Bigyan ng iba't ibang mga katungkulan ang bawat miyembro ng pangkat.


**Mag-aaral 1:** (Kahulugan) Ibahagi sa mga kagrupo ang pagkakaintindi sa mga salitang ito batay sa mga larawan.
**Mag-aaral 2:** (Damdamin) Ibahagi sa mga kagrupo kung ano ang damdamin na iyong naalala sa salitang ito batay sa larawan.
**Mag-aaral 3:** (Konteksto) Ibahagi sa mga kagrupo ang mga sitwasyon kung saan maiuugnay ang salitang ito.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**Mag-aaral 4:** (Pangungusap) Gamitin ang salita sa isang pangungusap at ibahagi ito sa mga kagrupo.

“Ang bawat miyembro ng pangkat ay may natatanging gawain. Punan ang Word Square ng mga kasagutan ng bawat miyembro. Talakayin ang mga sagot sa inyong pangkat.”




Habang nag-uusap ang mga mag-aaral sa kani-kanilang mga pangkat, ang guro ay mag-iikot at makikinig sa kanilang mga usapan. Kung may pagkakataon, ang guro ay makikisali sa usapan upang magabayan ang mga mag-aaral at lalong mapalalim ang talakayan nila.

**3. Pagbasa ng Kuwento**

**a. Pagbibigay ng Konteksto:**

“Kanina ay nagtala tayo ng mga nalalaman natin tungkol sa ating bayaning si Andres Bonifacio. Upang madagdagan ang ating kaalaman tungkol sa kanya, magbabasa tayo ng kuwentong pinamagatang ‘Ngumiti si Andoy’. Ito ay tungkol sa usapan sa pagitan ng batang si Andrew at ni Andres Bonifacio.”


**b. Paghahanda sa Pagbasa:**

“Ano ang mga katanungang inyong naiisip tungkol sa kuwentong inyong babasahin?”
Magbigay ng halimbawa: Anu-ano ang mga natuklasan ni Andrew tungkol kay Andoy?
Ilista ang mga katanungan ng mga mag-aaral sa pisara.

“Habang kayo ay nagbabasa nang tahimik, alalahanin ang mga katanungan ninyo at maging alerto kung ang mga ito ay nasagot na sa kuwento.”

**c. Pagpapatatag ng Pag-unawa:**

Pagkatapos bumasa nang tahimik ng mga mag-aaral, balikan ang mga katanungan nila at magpadagdag ng mga impormasyon sa concept web na ginamit sa pagganyak. Gumamit ng ibang kulay ng marker upang mapakita sa mga mag-aaral ang kaugnayan ng luma at bagong kaalaman tungkol kay Andres Bonifacio.



**4. Pagkatapos Bumasa**

**a. Pag-usapan at talakayin ang mga sumusunod na tanong:**

- Ano kaya ang nararamdaman ni Andoy sa kwento? Bakit?
- Bakit napangiti ni Andrew si Andoy?
- Ang pagngiti ba ay indikasyon na ang isang tao ay masaya?
- Maari ba tayong ngumiti kahit tayo ay malungkot?
- Ang paggawa ba ng mabuti ay kabayanihan?
- Ang pagiging bayani ba at magiting ay pareho o magkaiba?
- Bilang isang mag-aaral, maaari ka bang maging bayani? Bakit?
- Sa paanong paraan natin maipapakita ang kabayanihan?

**b. Pangkatang-Gawain**

**Pangkat I**: Pagguhit



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Iguhit ang isang larawan na nagpapakita kung ano ang kabayanihan para sa inyo.

**Pangkat II**: Pagtatala
Sa pamamagitan ng graphic organizer, itala ang mga katangian ni Andoy.

**Pamgkat III:** Pagsulat
Pumili ng isang tao na masasabi mong bayani at sumulat ng talata tungkol sa kanya.

**Pangkat IV:** Pagsasadula
Sa katapusan ng kwento, si Pepe ay napangiti din. Kung kayo ay mabibigyan ng pagkakataong bigyan ito ng kasunod na pangyayari, ano ito? Ipakita ito sa pamamagitan ng dula.

**IV. Paglalapat**

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sa paanong paraan natin maituturing na kahanga-hangang Pilipino si Andoy?
2. Sa paanong paraan natin maituturing na katulad ng simpleng mamamayan si Andoy?

**V. Pagpapahalaga**

Si Andres Bonifacio ay isa sa mga bayaning ating ipinagmamalaki. Sa panahon ngayon, may mga bayani ba tayong maituturing na katulad nya? Sino sila at bakit?

**VI. Takdang-Aralin**

Pumili ng isang bayani at iguhit ang kanyang larawan. Isulat ang kanyang katangian na gusto mong tularan.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation